# Hindi sa Haba ng Titi

John Andrew G. Evangelista*
*University of the Philippines Diliman*

Hindi haba;
hindi sukat;
hindi laki
ang takalan ng karangalan.

Hindi tayog;
hindi kung gaano katagal magagalit;
hindi rami ng sumubo;
hindi rami ng tinira
Ang timbangan ng halaga.

Huwag magmalaki kung ang iyo ay pito
at ang akin ay apat.
Sa lipunang ito kung saan
ang kapangyarihan ay sinusukat
sa haba, sa rami, sa galit,
may mga hinahatulan na malamya
at malamlam.

Huwag mo kaming pagdamutan
ng kapangyarihan at karapatan
dahil sa kargadang nasa pagitan
ng iyong mga hita.

Sa takdang panahon,
ang haba ay iikli;
ang tangkad ay papandak;
ang rami ay malalagas;
at ang galit ay lalamlam.

Kung sapitin gayong katapusan,
matatantong huwad ang kapangyarihang
marahas na kinamkam.
Lalo't kung ito'y bunga ng
kaapihang pilit pinalunok
sa lahat ng iyong pinagkaitan.

* Correspondence address: 511 Malipampang, San Idelfonso, Bulacan Philippines, 3010; Email: jgevangelista@up.edu.ph

©2020 Center for Women's and Gender Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489